Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

RECEIVED
AUG 16 2024

Agosto 14, 2024

Bb. ROSALIA CORTEZ
Provincial Board Secretary - OIC
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayan/Municipal Ordinance at Appropriation Ordinance na napagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, gaya ng mga sumusunod:

1. Municipal Ordinance No.. 034-2024– Isang Kautusang Pambayan na Pinahihintulutan ang Pagpapagiba sa Dati at Lumang Barangay Hall at Rural Improvement Care Center (RICC) at iba Pang Dating Pasilidad na Natatayo sa Daang Tagasan Barangay Poblacion Cavinti, Laguna upang Bigyan Daan ang Wasto Pang Pagpapalawak at Pagpapaunlad dito at kaukulang Pondo para dito.
2. Appropriation Ordinance No. 017-2024 - An Ordinance Approving Supplemental Budget No. 2 F.Y 2024 of the Municipality of Cavinti, Laguna to be taken from Surplus 2023 and Current Lump sum Appropriation of "Araw ng Cavinti/Sambalilo Festival to be Appropriated for the Additional PPAs on Araw ng Cavinti/Sambalilo Festival Youth Week Celebration, Recognition of LGU-Scholar Graduates Grants and Aides/Assistance to Individuals in Crisis Situation(AICS) Amounting to Seven Million Seven-Hundred Sixty-Five Thousand and Nine Hundred Two Pesos 50/100(P7,765,902.50).

Kalakip:

1. Resolution No. 462-2024
2. Proposed Supplemental Budget No. 2
3. LBP Form No. 8
4. LBP Form No. 9
5. Supplemental Annual Investment Program
6. MDC Kap. Blg. 2024-002

Lubos na gumagalang,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA–89 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG HUNYO 24, 2024 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NG BARANGAY MAHIPON, CAVINTI LAGUNA

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan/ Nangulong Pinuno

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President;

HINDI DUMALO: "WALA"

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 034 -2024**

**ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGPAPAGIBA SA DATI AT LUMANG BARANGAY HALL AT RURAL IMPROVEMENT CARE CENTER (RICC) AT IBA PANG DATING PASILIDAD NA NATATAYO SA DAANG TAGASAN BARANGAY POBLACION CAVINTI LAGUNA UPANG BIGYAN DAAN ANG WASTO PANG PAGPAPALAWAK AT PAGPAPAUNLAD DITO AT KAUKULANG PONDO PARA DITO.**

**MAY AKDA : KGG. ROMEL J. VILLANUEVA**
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters*

**Co-Sponsors:**

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Batas ng Republika bilang 7160 o mas higit nak ilala sa tawag na "Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991", na ang bawat yunit ng pamahalaang local gaya ng bayan ay kinakailangan mag-ambag ng kanilang bahagi katulong ng pamahalaan sa responsibilidad ng pangangasiwa at pagpapanatili ng balanseng ekolohiya (*ecological balance*);

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

OFFICE OF THE MUNICIPAL ENGINEER
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: A. RAMOS
DATE: 8/14/24 TIME: 3:56PM

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE: 7-17-24 TIME: 11:03

RECEIVED
STA. CRUZ, LAGUNA
AUG 16 2024

**SAPAGKAT,** isinasaad din ng Sek. 17(a) ng Kodigo , na ang mga yunit ng pamahalaang lokal ay magpapaganap din ng iba pang kapangyarihan na gampanan ang iba pang mga gawain at pananagutan na kinakailangan, angkop o hinihingi ng mga pangyayari upang magkaroon nang mahusay at mabisang pagkakaloob ng mga pangunahing paglilingkod at pasilidad kasama na ang mga pangunahing daan;

**SAPAGKAT,** alinsunod pa rin sa Kodigo Seksyon 447(a), Ang Sangguniang Bayan, bilang lehislatibong katawan ng bayan, ay magsasabatas ng mga ordenansa, magpapatibay ng mga resolusyon at angkop na mga pondo para sa pangkalahatang kagalingan ng bayan at ng mga naninirahan;

**SAPAGKAT,** isinaad din sa Seksyon 447(5.v), ang Pamahalaang Bayan ay magsaayos ng trapiko sa lahat ng lansangan at mga tulay, ipagbawal ang paglalagay ng mga hadlang doon, at kung kinakailangan sa kapakanan ng kagalingang pampubliko, pahintulutan ang pag-aalis ng mga hadlang at mga labag sa batas na kayarian sa mga pampublikong lugar;

**SAPAGKAT,** bilang paghikayat sa mga pamahalaang lokal, na ang Memorandum Circular No. 2019-121, ay pagbibigay diin bilang tugon sa utos ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte na maibalik para magamit ng mamamayan ang lahat ng pampublikong kalsada at bangketa na ginamit sa maling pamamaraan at ito ay may layon din na pag-alis ng mga nakaharang sa kalsada;

**SAPAGKAT,** ang mga layuning nabanggit ng mga nasa itaas ay nasa Pambayan ding Kautusan na may Pamagat na ,MUNICIPAL ORDINANCE NO 011-2020 o "ISANG KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALINTUNTUNIN SA WASTONG PAGGAMIT AT PAGBABAWAL SA LAHAT NG URI NG MGA SAGABAL O OBSTRUKSYON SA MGA PAMPUBLIKONG KALSADA SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG CAVINTI AT PAGPATAW NG MGA KAUKULANG PARUSA SA SINUMANG LALABAG SA KAUTUSANG ITO."

**SAPAGKAT,** ang mga naturang istraktura ay naitayo sa kung tawagin noon ay Daang Luisiana na ang ibig sabihin ay matagal na ito ay naitatag na pangunahing pambayang kalsada, na sa pansamantalang paglalagay ng proyekto ay lubhang naapektohan ang kagyat na pagpapalawak ng naturang daan upang maiangkop sa kasalukuyang panahon;

**SAPAGKAT,** sa pag-usad ng panahon ay unti-unti na itong kumikiling o gumuho sa ibang kalapit-kabahayan na lubhang nakakabahala sa banta ng buhay maging sa mga nagsidaraan dito;

**SAPAGKAT,** mayroon din dito na lumang Senior Citizens Building ng Barangay ng Labayo na kung saan ito ay natatayo sa isang pribadong pag-mamay-ari ng tao at nasasakupan ng Barangay Poblacion;

**SAPAGKAT,** bilang pagsang-ayon ng kasalukuyang pamunuan ng barangay ng Labayo at mamamayan nito sa pamamagitan ng isang Kapasiyahan na may pamagat na "Kapasiyahan Blg. 14-T2024 , KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LABAYO CAVINTI, LAGUNA NA HUMUHILING SA SANGGUNIANG BAYAN CAVINTI, LAGUNA NA IPA-DEMOLISH O IPATANGGAL ANG DATING BAHAY PULUNGAN NG SENIOR CITIZEN SA CALUPIG ST. BARANGAY POBLACION CAVINTI, LAGUNA;

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, Miyembro ng Sangguniang Bayan na pinangalawan ng bumubuo ng Sangguniang Bayan na dumalo, na

**IPINAG-UUTOS** nang Kgg. Sangguniang Bayan na nagkakatipon-tipon, na

**Seksyon 1. SAKLAW.** Nasasaklawan ng Kautusang ito ang Kapahintulutang pagpapagiba ng lumang Barangay Hall ng Poblacion, ang Labayo RICC, at iba pang natatayong istraktura na natatayo sa Daang Tagasan Barangay Poblacion Cavinti, Laguna.

**Seksyon 2. LAYUNIN.** Layunin ng kautusang ito ay matugunan ang mga batas na umiiral, sa pagpapatupad ng Anti-Obstruction Law, maibigay ang maalwang kalsada dahil sa patuloy na pag-unlad ng bayan, mapalawak ang mga pampublikong lansangan, magamit sa wastong pamamaraan, sa kalakalan, industriya ng turismo at maiwasto ang lansangan sa nalooban ng gitnang bayan.

**Seksyon 3. ALITUNTUNIN.**

A. Na ang pagpapagiba ng mga naturang gusali o istraktura ay magiging mga gabay ang Atas ng Pangulo Blng. 1096, o kilala sa National Building Code of the Philippines.

B. Na, ang mga nasabing istraktura gaya ng lumang Barangay Hall, Rural Improvement Child Care (RICC), at iba pang natatayong istraktura sa nasabing lugar ay walang sapat na dokumento na kinailangang maitayo sa mahalagang Daang Tagasan;

C. Na, ang magkaroon ng imbentaryo ng mga materyales na matatanggal at mare-recover sa mga gigibaing mga istraktura alinsunod sa Komisyon ng Awdit;

D. Na, ang paggigiba ay kinakailangang naroon ang mga opisyales ng Bayan at ng Pamahalaang Barangay ng Poblacion upang matiyak ang kaayusan ng programa;

E. Na, ang mga materyales na maaari pang magamit o ma-recover ay maipon ng Pamahalaang Barangay ng Poblacion;

**Seksyon 3. PLANO NG PAGGIGIBA.** Ang Pambayang *Building Official* ang siyang mag-aaproba ng plano, pagtutukoy, mga alituntunin, at ang kumpletong panahon ng pagigiba. At kung wala ang mga ito ay walang mangyayaring pagigiba at walang pagpapatibay ng Pambayang Building Official at ng Punumbayan.

**Seksyon 4. PAGMUMULAN NG PONDO.** Ang pondo ay magmumula sa Taunang Badyet/Badyet Suplemental ng Lokal na pamahalaan ng Bayan ng

ARNEL LEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Cavinti na alinsunod sa pondong kwenta ng Tanggapan ng Pambayang Inhenyero.

**Seksyon 5. OBLIGASYON NG KONTRATISTA.** Kumuha at magbayad ng mga kaukulang Pambarangay at Pambayang Permiso sang-ayon sa itinakdang mga pamantayan at ordinansa ng mga lokal na Pamahalaan'

**Seksyon 6. KAPARUSAHAN.** Ang sinumang tao o grupo ng mga tao at mga taong magiging parte ng programa sa pagpapagiba na lalabag sa kautusang ito ay papatawan ng mga multa, kagaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| **Unang Paglabag** | - | **Php1,000.00;** |
| **Ikalawang Paglabag** | - | **Php1,500.00;** |
| **Ikatlong Paglabag** | - | **Php2,500.00, o pagkasela ng kontrata.** |

**Seksyon 7. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON 8. – HIWALAY NA SUGNAY.** Kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**SEKSYON 9. – PAGKAKABISA.** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan , dumaan sa isang pampublikong-pandinig, at hustong napag-aralan at kinilala ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskel sa mga hayag na lugar at *Social Media Account* ng Sangguniang Bayan sa naloloob ng Labin-Limang (15) araw.

**UTOS:** Sa kalihim ng Sangguniang Bayan, na padalhan ng sipi ng Kautusang ito ang mga sumsunod, para sa kanilang maagang kaalaman, gabay, at kaukulang mga tala at pagpapatupad:

1. Tanggapan ng Punong Bayan;
2. Tanggapan ng Pambayang Inhinyero;
3. Tanggapan ng Pambayang Kagawaran ng Pulisya;
4. Lahat ng Punong Tanggapan;
5. Kgg. Sangguniang Panlalawigan ng Lalawigan ng Laguna; at
6. Iba pang tanggapan na may kinalaman sa kautusang ito

**PINAGTIBAY.**

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-89 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 24 ng Hunyo 2024.

**NITZSHELL T. DELA TORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

MAY KINALAMAN:

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
Pang. Punumbayan/ Nangulong Pinuno

PINAGTIBAY:

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
PUNUMBAYAN

KATITIKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NG PINAGSANIB NA MGA KOMITE LUPON NG MGA PAGAWAING BAYAN AT IMPRASTRAKTURA ,BATAS AT ORDINANSA AT USAPING LEGAL NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA-10, NG HUNYO, 2024 DITO SA BULWAGANG ABC HALL.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA, TAGAPANGULO NG LUPON;
SB GODFREY L. LUBUGUIN,Tagapangulo/Imprastraktura;
SB Manuel A. Dela Roca, Pang. Tagapangulo/Laws;
SB Jimmy Jose V. Oliveros, Kasapi; at
SB Habshan Dave D. Blastique, Pang. Tagapangulo/Imprastraktura.

HINDI DUMALO: SB Charles Clifford F. Matta, Kasapi;
SB Stephanie Princess P. De Guzman,Kasapi;
SB Elma P. Flores, Kasapi; at
SB Glenn Haze M. Cabuhat,Kasapi

MGA PANAUHIN: SEE ATTACH

PAKSA: ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGPAPAGIBA SA DATI AT LUMANG BARANGAY HALL AT RURAL IMPROVEMENT CARE CENTER (RICC) AT IBA PANG DATING PASILIDAD NA NATATAYO SA DAANG TAGASAN BARANGAY POBLACION CAVINTI, LAGUNA UPANG BIGYAN DAAN ANG WASTO PANG PAGPAPALAWAK AT PAGPAPAUNLAD DITO AT KAUKULANG PONDO PARA DITO.

PAGBUBUKAS NG PULONG:

Pormal na binuksan ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva ang pagpupulong sa ganap na ika-1:13 ng hapon at isinunod ang isang panalangin. At pinasalamatan ang lahat ng mga dumalo sa gagawing pampublikong pagdinig.

PAGTALAKAY NG PAKSA:

Sinabi ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva, na ang pagpupulong na ito ay kayo ay maging bahagi ng aming tungkulin at gawain sa aming trabaho hindi magagampanan lahat ng programa ang proyekto ng bayan kung hindi dadaan sa ganitong pakinayam sa tao, ito ay bahagi lamang ng lehislaturang paggawa ng mga batas . At ibibigay ang ibang parirala matapos ang basahin ang nilalaman panukalang ordinansa na may kaugnayan sa ating kaunlaran kalagayang pangkalsada . Na ito ay ipinag-uutos ng Pamahalaang Nasyonal ito ay ukol sa dating tahanan ng Barangay Poblacion yong lumang gusali ng Barangay Poblacion na natatayo sa Oliveros St.,daang tagasan at likuran nito ang Lopez Jaena St., at nakikita naman nila na yon ay mayroong Brgy. Hall,Rural Health Center RICC na unang iskul na ang tumira ang Mam Vivian at yong likuran ay naging Cavinti Brass band gusali. At nagbigay pahapyaw kung bakit napatayo ang mga gusali sa papuntang tagasan na noon ay tapunan ng basura na walang ibang mapagtayuan ng naturang gusali, kaya doon muna pansamantalang itinayo ang gusali. Noong panahon ni dating Pres. Duterte na lahat ng gusali na hindi angkop na napatayo sa ibang lugar na dating pampubliko na kinakailangan ito ay gibain, at ang magiging resulta dito ay maganda, at lalawak ang ating dadaanan. Pagkatapos nito ay binasa ang panukalang ordinansa.

Matapos basahin ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva ang panuklang ordinansa hiniling sa kapulungan kung sino ang may gustong magbigay ng suhestyon.

Engr. Gil T. Custodio ng Pambayang Inhenyero, nagbigay ng pagbati sa mga dumalo sa pampublikong pagdinig sa kapulungang ito, ang proseso sa pagpapagiba ay huwag kalilimutan ang Komisyon ng Awdit, meron na tayong karanasan sa pagpapagiba magiisyu ng gusali sa pagpapagiba base sa ordinansa ng demolition permit ang inyong lingkod ang magbibigay ng permit nakalagay na rin don ang mga panuntunan kung paano gigibain ang inyong lingkod ang mag bibisita at gumawa ng sulat para ipaabot sa Komisyon ng Awdit, nabanggit na mga istraktura na dapat gibain, na kailangan na ipaabot sa Komisyon ng Awdit ang pagpapagiba ng naturang gusali, para naman sa pagbabadyet ng halagang gagamitin, bibisitahin at nararapat namang itong mabigyan na din para sa kaukulang pagpapaganda ng nasirang gusali na mapaganda ang gagawing daan at makita na rin ang magandang kahihinatnan ng farm-to-market road at maikita na rin ang magandang daan at malawak na daan at mabibigyan ng

kalutasan ng daan at ang "slow protection don" para Makita ang bahay na nasa bangin at malagyan ng proteksyon. At ang bungad ay malalagyan ng road construction, nabanggit din yong isang proyekto don sana mapasama na rin sa gigibain doon.

Sinabi ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva, na ang proyektong pagpapagiba ay may kapalit na bagong proyekto. *Idagdag sa Seksyon 7 at iba pang Gawain A.1 gagawing parte ng kalsada* pagpapakonkreto upang maging daan patungong tagasan. At nabanggit din sa Brgy. Labayo, kaya isinama ito sa pagkakaroon ng pampublikong pagdinig, dahil halos kalaro nya noong bata pa sya ay taga labayo. At naging maunlad ang lugar na yon lagging sa Brgy. Labayo at nagbabago ang panahon ay nagkaroon na ng Lokal Government Code ng 1991, kung saan ang jurisdiction na dito talaga magtatayo ng istraktura.

Kapt Ranel Rodriguez ng Brgy. Labayo, hiniling sa kapulungan na kung magpapagiba rin ng gusali ng Brgy. *Poblacion* at karatig gusali kung maaari isama na rin ang gusali ng Senior Citizen sa pagpapagiba at isa pang problema ang lupang yon sa harapan ay sakop na pag-mamay-ari ni G. Ruazol .

Ayon naman kay SB Jimmy Jose V. Oliveros, ano ang magiging problema don? Samakatuwid na na ang lupang pinagtayuan noon ay private, hindi na natin yon problema gumawa na lamang ng iba dahil hindi naman pwedeng bilhin ang lupang harap na sisirain na gusali ng senior citizen ,Idadag na lamang sa *titulo an gang gusali ng Senior citizen para makasa sa mga gigibain na gusali.*

SB Godfrey L. Lubuguin , siguro don sa pagpapagiba wala ng problema pagkatapos ng pagpapagiba yon naman ay may solusyon tingnan na lang sa kadastro ng lupa kung ano ang lapad ng kalsada doon kung ano ang individual na sukat kahit nasa may-ari ang pinagtayuan ng gusali at kausapin na lamang ang may-ari ng lupa na ito ay kalsada pa at walang magagawa ng may-ari kung ito ay mapatunayan na kalsada talaga ito, at ipaalam sa may-ari na kalsada talaga ito, hindi magiging problema dahil kabilaan kalsada yon.

Sinabi ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva, kung babalikan ang pamagat ng *Ordinansa"Isang Kautusang Pambayan na Pinahihintulutan ang pagpapagiba sa dati at lumang Brgy. Hall* at Rural Improvement Center(RICC) at Iba Pang dating pasilidad na natatayo sa daang Tagasan Brgy. Poblacion, Cavintj, Laguna, upang bigyan daan ang wasto pang pagpapalawak at pagpapaunlad dito at

kaukulang pondo para ditto ang sabi ni Kapt Ranel ng Labayo, na gigibain na din ang gusali ng senior *citizen, at nagtanong sa kapulungan para sa Sang. Brgy. ng Labayo, kung ito ay napagtalakayan nan g* Sang. Brgy. ng Labayo at nalaman na din ba ito ni Mam Vivian Pedron. Ibig sabihin na ang buong mamamayan ng Brgy. Labayo, ay payag sa pag papagiba ng nasabing gusali?Makikisuyo na lamang na ang ginawang ordinansa ay para sa Brgy. Poblacion na gusali, nab aka makasama ang pangalan nila na isinama na ang gusali ng Senior citizen ng Brgy. Labayo. Kung maaari ay gumawa kayo ng isang maylagdaan na pumapayag na ito ay gibain at ilalakip ito sa gagawing ordinansa.Pwedeng gumawa kayo ng isang resolusyon na sumasang-ayon ang buong mamamayan ng Brgy. Labayo na ipinapagiba na ang gusali ng senior citizen ng Brgy. Labayo, at may isang pampublikong pagdinig.

SB Jimmy Jose V. Oliveros para maging pormal o mas legal kailangan idaan nyo sa isang *pagpupulong at gumawa ng isang resolusyon na may mga pirma ang inyong mga kabarangay para mas* maganda.

Gng. Nancy C. Pacle ng Brgy. Labayo,hiling din nya na isama na rin ang waiting shed sa *pagpapagiba na nilnaw nya kung ito ay kasama din.*

Ayon sa Tagapangulo ng Kapulungan SB Romel J. Villanueva, na hindi muna ito mapagpapatibay ang panukalang ordinansa dahil may naging kahilingan ang Brgy. Labayo. Subalit kung ang resolusyon ng Brgy. labayo ay maipapasama sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan sa napapalooban ng *sampung(10)araw kagyat itong mapagtitibay para maumpisahan na ang pagpapatibay ng nasabing* ordinansa.

Kapt Bernie Glorioso ng Brgy. Poblacion, sa Seksyon 3 doon sa mga kagamitan na marerekober ang nakalagay at nakasulat ang pagpapahalaga at pagtatabi ay iaatas sa Brgy. Poblacion , tanong nya kung ito ay pinapayagan na ang nakalagay ay Sang. Bayan at Sang. Brgy. ay ang marerekober ay ipapamahala sa barangay para magamit kung saan man pwedeng paggamitan tanong nya. Ipina paala-ala ng Kapt. na ang pinagtayuan ng gusali ng senior citizen ng Brgy. Labayo at waiting shed ay sakop pa ng kanilang barangay.

Sagot naman ng Tagapangulo ng Lupon SB Romel J. Villanueva, na idadag na lamang sa iba pang kadugtong o sa Labayo na lamang.

Paglilinaw ni SB Jimmy Jose V. Oliveros sa gagawing ordinansa ay pag-aari ng Barangay Poblacion at ang marerekober na gamit ay para sa Poblacion at ang sa brgy. Labayo ay sila rin ang magrerekober dahil sila ang nagpagawa. At iminungkahi nya ang maging rekomendasyon ng lupon na pansamantala munang na manatili muna sa komite at hintayin muna ang isang resolusyon na magmumula sa Brgy. Labayo sa naloloban ng sampung (10) araw , upang isabay na rin ang pagpapatibay ng ordinansa. Na pinangalwahan ni SB Habsahan Dave D. Blastique at SB Godfrey L. Lubuguin at ng lahat ng dumalo.

REKOMENDASYON:

Matapos ang palitan ng mga kuro-kuro at paliwanagan napagkaisahan ng kapulungan ito na pansamanatala munang manatili sa komite habang hintayin pa ang sapat na dokumento sa nalolooban ng sampung(10) araw pagsusumite ng barangay Labayo ,upang maisabay na rin ang pagpapatibay ng ordinansa.

PAGTITINDIG NG PULONG:

Iminungkahi ni SB Jimmy Jose V. Oliveros, na itindig na ang pagpupulong na pinangalwahan nina SB Manuel A. Dela Roca, SB Godfrey I. Lubuguin, at SB Habshan Dave d. Blastique na itindig na ang pulong sa ganap na ika-1:49 ng hapon.

TAGATALA:

LENY L. PARDE
LCSE II

SB ROMEL J. VILLANUEVA
Tagapangulo ng Lupon

SB GODFREY L. LUBUGUIN
Tagapangulo/Imprastraktura

SB MANUEL A. DELA ROCA
Pang. Tagapangulo/Laws

SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
Pang Tagapangulo/Imprastraktura

SB JIMMY JOSE V. OLIVEROS
Kasapi